REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

67

**KAPASIYAHAN BILANG 67**

**KAPASIYAHAN NA NAGTATAKDA NG PAGBIBIGAY NG HALAGANG ISANG LIBONG PISO (₱1,000.00) PARA SA KATAPUSANG TAONG PANGGANYAK O INSENTIBO (INCENTIVE) SA MGA ALAGAD NG BATAS (POLICEMEN) AT MGA BANTAY-SUNOG (FIREMEN) NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA KABUUANG HALAGANG DALAWANG DAAN AT LABING ANIM NA LIBONG PISO (₱216,000.00).**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng pangganyak (incentive) ay bilang pagpapahalaga sa matuwid at matapat na panunungkulan at pangangalaga sa bayan ng mga tauhan ng pulisya at pamatay-sunog para sa katahimikan, kaayusan at kaligtasan ng mga mamamayan at mga ari-arian nito;

**SAPAGKAT,** ang pagbibigay ng pangganyak ay bilang tulong na panggastos o pananalapi tuwing katapusang taon sa pagdiriwang ng diwa at kabanalan ng kapaskuhan;

**SAPAGKAT,** ito ay pagkilala rin sa kanilang matapat at maayos na paninilbihan maging napakalubhang maselan ng kanilang panunungkulan sa pamayanan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na magbigay ng halagang Isang Libong Piso (₱1,000) para sa katapusang pangganyak sa mga alagad ng batas at mga bantay-sunog sa kabuuang halagang Dalawang Daan at Labing Anim na Libong Piso (₱216,000.00).

**PINAGPASIYAHAN NG BUONG PAGKAKAISA** ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangtatlumpu't siyam (39th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-5 ng Disyembre 1988.

**PINATUTUNAYANG TOTOO:**

**ATTY. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**PINATOTOHANAN:**

**RAUL R. CORRO**
**Kalihim Bayan**

**PINAGTIBAY : Disyembre 5, 1988.**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina -2-

Kapasiyahan Blg. 67

Kgg. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

PINAGTIBAY :